# SAMPUNG MGA DALIRI NI TITSER

*by:*
**Jeniffer A. Peliño**
*Teacher I, Limay Elementary School*

Isa, dalawa, tatlo… Kulang pa yata ito. Sa dami ng tungkulin ng guro, sa sampung mga daliri ay maiisa- isa ko kaya ito?. Gaano man karaming tungkuling ginagampanan, mapapagod si sir, si mam pero hinding- hindi susuko.

Una, ang magturo. Iyan naman talaga ang kanyang unang sinumpaang propesyon. Magturo sa iba't ibang uri o ugali ng mga bata. Di ba't kahanga- hanga? Walong asignatura na kanyang ituturo sa bawat araw, kaalaman at kabutihang asal ang ipapabaon niya sa kanyang mga mag-aaral. Kung si Nanay napapagod sa isa o dalawang anak na mayroon siya na inaalagaan at binabantayan niyang maghapon, pero si titser kaya niyang disiplinahin at patutunin o turuan at hubugin sa loob ng maghapon ang batang tatlumpu , apatnapu.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Ikalawa, si titser ay nars. Mag-aaral ay may oras na di maiiwasang ,masugatan, masaktan ngunit hindi pababayaan kailanman. Sasamahan, kung kinakailangan, sa klinik o ospital man, masiguro lamang na ang bata ay nasa maayos na kalagayan.

Ikatlo, tagapagsanay. Isang tagatuklas at humahasa ng mga talento ng mga mag-aaral bagamat di ganoon katalino ngunit panlaban naman pala sa angkin at natatago nitong kakayahan sa pagtula, pag-awit, pagsulat, at pagguhit.

Ikaapat, tagatanim o hardenero. Sa sipag sa maghapong pagal, hahawak ng pandilig kakausapin ang mga halaman na siyang nagpapaganda ng paligid at labas ng kanyang silid-aralan na siyang ikalawang tahanan ng kanyang mga mag-aaral.

Ikalima, clerk. Kaliwa't kanang ang report ni mam at sir subalit di pa din papatinag. Abutin man ng puyat at gigising ng maaga sapagkat mahalaga ang mga detalyeng magbibigay-daan upang mas lalong pagtuunan ang pangangailangan ng bawat mag-aaral.

Ikaanim, minsang naging call-center agent. Sa panahon ng pandemya na hindi pwedeng magkita-kita. Telepono ang nagsilbing sandata ni mam at sir upang koneksyon ay di maputol at patuloy masubaybayan ang pagkatuto ng mga mag-aaral. Bagamat mahirap, pagiging positibo ang hinarap upang patuloy na maabot ng mga mag-aaral ang ang kanyang pangarap.

Ikapito, taga-awat. Mangingiti na lang si sir at mam pagkatapos ng mga pangyayari at mapagtatanto na siya'y "referee" din na matuturingan. Papayag ka bang sa klase mo ay walang aawat sa mga sandalling mga mag-aaral mo ay nakakalimot maging mahinahon?

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Ikawalo, guidance counselor. Pagkatapos ni mam o sir na umawat, mangangaral upang maging maayos ang lahat. Magbibigay liwanag sa oras na ang mga mag-aaral niya ay namamali ng landas.

Ikasiyam, modelo o huwaran. Sa paghubog ng kagandahang asal mas nagiging epektibo kapag si mam at si sir ang ang kanyang huwaran. Pipiliin palagi ang mabuting gawi sapagkat maraming mga mata ang nakasubaybay sa bawat kilos at gawi.

Higit sa lahat, si titser ay ikalawang magulang sa bawat silid-aralan. Gagawin ang lahat maituro lamang ang mga  dapat matutunan at kabutihang asal. Upang pagdating ng panahon maging handa sila sa bawat hamon ng buhay. At pagsapit ng araw ng kanilang tagumpay, may tatamis pa ba sa ngiti ng kanilang mga magulang at naging ikalawang magulang sa loob ng paaralan?

Si titser hindi basta-basta susuko. Mapapagod pero lalaban. Dahil mayroon siyang sampung mga daliri na kapit-kapit at mananatiling matatag. Subalit higit pa yata dito ang tungkuling kanyang ginagampanan.

Kung meron man akong nakallimutan, ikaw na ang magdagdag. Tulad ng mga daliri, ito ay tatawagin ng "sulapi". Ganyan ang tungkulin ng guro , minsan lalampas pa sa sampo.

*References:*

Simon, R. (2021). Ang 7 Tungkulin ng isang Guro sa ika-21 Siglo. Nakuha noong 20 Hunyo 2021, mula sa https://tl.warbletoncouncil.org/rol-del-docente-7052

Dableo, W. (2021). Ang Mga Guro. Nakuha noong 15 Agosto 2021, mula sa https://www.affordablecebu.com/load/schools_universities/sanaysay_tungkol_sa_mga_guro/23-1-0-30878

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan